Nguni't hindi si Alemany lamang ang sawing palad, ang ibá man namá'y gayon din, palibhasa'y may kani kanya siláng *calculo* at mga *petit presupuesto* na áalatin tuloy ngayon.

Mga kawawa namán. Nguni't anó ang gágawin. Lumubog ang kay Mundong ilaw at hindi katakatakáng magdilím. Ganyán nga ang mundo: *pisa na blando pisa na duro*, at ang ayaw sumangayon sa kanyáng palad ay makapagtutulák ng álon, hanap-buhay na sa katan-daan na'y sinásabing tatág daw ng humuhay ng ilog.

Sa anót anó may mabuti na ang kahi't paano kay sa wala, bakit ang kabuhayan ngayó'y mahirap dahil sa karamihan ng mga linta at limatik na kung maká-supso ng katás ay ga ón na lamang...

SUGIGI.

ANG BAGONG A, B, C!!!

—(o)—

I

Bago ang A, B, C. ra ngayo'y náiral sa palibot-libot ng Kamaynilaan, hindi pagbabansag ng gawing ma'nám ng bawá at tao kundi pagguguhit ng pangit na asal ng tatló kataong dípat na ilagan sapagka't may daláog *salot, gutom, uhaw*.

II

Sá galit ng CHISPAS ay namimilantik, bunganga'y nangaslab at abot ang lintik, sa antak ng biro'y nápapahinagpis, nguni, at totoo, kaya pabayaang maputol ang bagwís ng kapalaluan ng mga balawís at nang kung manghina'y masarhán ang bibíg.

III

Ano pa't ang bisá ng parapit-Palma sa batok ng tatlong C, B at A, ay ang kastilaloy, bangós at iba pa'y nangaliligalig at di máisipan ang pananarata at pagkakardili sa tatlong may sala na kanilang diyos na kinikilála.

IV

Sukat nga ba namang máisipisipang ang kay Don Felipeng katha ay agawan ng ibang A, B, C, na makakapilay sa tatlong mayhangad na sambahing buháy, nguni't sawing palad! anoman ang gawing pagkain sa dulang ang Bayang may piging ay di mádayaan.

V

Sulong, Dr. Ambó, at iyong tarian ang mga manok mong tama'y play patay, sulong at ang CHISPAS ay muling laaran ng ising rangdugtong. sa malalagot nang buhay at papanaw, sulong limusán pa ang nangauubaw at nang may ikislap ang tinghoy na tangan.

VI

Sulong, Dr. Ambó, huwag matatakot sa bagong A, B, C, na pinalilibot at kung daragdagan ang titik na ayos, ay iyo ang D at pakasahang kahima't maubos ang *abecedario*'y ikaw ang tibubcs na kikilalaning buteteng panglaot.

VII

Sulong, Dr. Ambó, huwag nang isipin na arg kata'lo mo'y sariling Bayan din at ganyán na lamang ang nangahabaling, nagiging ulian at kahit ang balat nagkukulay uling ay tumatalikod sa kanyang damdamin at kampi sa mga ang tiya'y may hangin.

VIII

Nariyan arg bagong A, Be Ceng nairal, unawain, Bayan, at iyan ay tunay, banlang panggugulo'y di isang kulay at maraming anyó ang nongalipana sa atirg lansangan may mga Quijote at may taga *aw-aw* sa kinátatahol ng di karampatan.

DR. PALAKOL.

BAGONG "UNION"

Talagá nga namang sa buhay na ito'y walang di nakikita, lalo't hindi ka naman bulag kundi may matáng nakadilat at nakapagmamalas sa mga nangyayari.

Halimbawa: sino ang di magkakamali sa waring *kurnitang pari* ng Kagg. na si Revilla, ang diputado sa Rizal, lalawigang mapalad ng mga sugalang ginagawa na halos sa tungki ng ilong ng mga pinuno?

Halimbawa: sino ang di nakapansin at makapapansin sa kapandakán ni Arejola, isa ring kagalanggalang na máginoo at karapatdapat na kinatawáng maliksi rin namang lalaki? Walang mata, bulág ó nagbubulagbulagan ang di makakita ng ganito,

At lalong bulág ang di makápansin sa *pagkaka-sundo* ngayón ng mga manggagawa, na napagkita sa nakaraáng pagdiriwang nila. Iyan ang *pagkakasundóng* daig pa ang *talagáng tinalagáng sadyain*.

Isang *Unión del Trabajo* at dalawang *Unión obrera democratica*, isa ang kay Bindoy, at isa pa ang kay Dodong, itong sa huli'y kasisilang lamang at sinalagan pa nina *Montenegro, Turiano and Comp*, mahaharlikang ginoo na kapag sa suliraning mangagawa ay alangáng gawin lamang na mga presidente, bagkus ang dapat ay gawing mga *huwepe*. Sapagka't ang katotohana'y malalaki ang utang sa kanilá ng mga mangagawang kanilang pinapagkaisá ngayon.

Biro bang kagalingan iyang buhayin uli ang *Unión Obrera*, gayong may *Unión del Trabajo* na at isa pang *Unión Obrera* rin? Iyan ang kabayanihan, ang pagtubós sa mga anak ng pawis, at hindi ang mga pinagsasabi ni ka Beloy mula sa Barcelona.

Ah, kung nárito si ka Beloy ay nákita sana nating tinugtog niya agad agad ang *guiera patani*, bago susulat ng isáng misal pagkatapos at doo'y idadalangin sa may kapal si Hermenegildo Cruz upang huwag mapisa, sa kinápapagitnaan niyang dalawang lakás. Ang kulang lamang ngayon ay magtayo naman ako ng isa kong *UNION* upang *mahustong* apat ang panyóng maipamamahid sa luha ng mga mangagawang pilipino.

At sapagka't ako'y taong pag may nisip ay hindi na nag-uurong sulong kundi tuloy ang tuloy kahi't mabalaho dahil sa katakutan ko sa namimilantik na dila ng isáng *profesor*, ay náito ngayón ang mga *bases ó saligán ó batayan*, ayon sa máibigan ng *Samahan ng mga matutuluging Mananagalog*.

Una—Isáng bagong *UNION* din ang itinatayong ito, na kaániban ng sino mang nag-aakala na ang katubusan at pagkapasamagaling ng mga mangagawa, ay mangagaling sa mga marurunong, sa mga mayayaman, at sa mga *wvidor*.

Ikalawa—Walang hihingng karapatán sa sinó mang ibig umanib kundi ang pagkamasunurin lamang sa ano mang iutos ng mápalagay na puno, at saká ang kalakasan sa paghiyaw ng *viva* kung mayroong miting.

Ikatlo—Ang takdang ambag sa unang pag-anib ay isang salapi, at piseta buwan, buwan, na lahat, ay mapapauwi sa balsa ng *presidente*, upang kanyáng gugulin sa pamumuhay, ipamili ng magagarang karwahe at kabayo, at ipamayad sa mga utangutangan, sakaling balasubas ang mapiling puno.

Ikaapat—Ang presidenteng mapahalál ay sápitang titirá sa isang bahay na malawí, upang siya'y maging kagalanggalang, kahi't sa ganito'y kailanganin ang panunuba at pagpapaiyak sa *casero*.

Ikalima—Magkakarón ng miting minsan isang lingo at ang kadahilana'y upang mahasa ang dila ng sino mang garil sa pananagalog at nang di napapahiya kung dumaring na ang mga pagpapasingawan.

Ikaanim—Pinaka katungkulang mahigpit ng naánib sa kapisanan, ang pagboto sa presidenteng malagay, kung dumating na ang araw ng pagpili sa gágawing alkalde dito sa *Maynila*, pagka't ang bagong *UNION* ito ay itinatayong talaga upang maging alkalde lamang ang lumabás na presidente.

Ikapitó Kung alkalde na siya, ay saká pag-uusapan kung ipagpapatuloy pa ó hindi na ang *UNION*, ayon sa magalingin ng mga kasapi, sapagka't hanggang diyan na lamang talagá ang saklaw ng pinakaunang bahagi ng palátuntunan ng samahan.

Maynila 1908.

Sa akala ko nama'y walang di sasangayon sa pagtatayong ito ng isang panibagong *Unión*, kaya ang lahat ay inaanyayahan upang kumilos at ikilos ang ganitóng panukala kcng *archisuperior*.

MARTINO ORAPRONOBIS.



KANTAHING-BAYAN

—x—

I.

Sa mundo'y wala nang
Nápapakaabá,
Paris ng banla nang
Mga mahihina,
Sila ang ápihin
At lalo na mandín
Kung lahi pang dukhá
Súsurutsuruti't
Nang mapanganyaya.

II.

At banlang katwiran
Ay di makakilos,
At iginagapos
Ng kuhiláng loób,
Kusang iniinis
Sa pagkábusabus
Hangan sa matumba
Sa bilis ng suntók.

III.

Sa mundo'y wala nang
Masungit na budhí,
Paris ng ang lakás
Ang siyang magharil
Sila ang lálaláng
Ng maraming sanhí
At kung may tumutol
Galit daw sa lahi.

IV.

Tubig ay malamig
Hangang di nasulák
At wala pang gatong
Na nagpapaalab,
Nguni pag nag-init
Ang lahing mahirap,
Apuy ang may sala
Sa malakíng siláb.

V.

Kaya at sa mundo'y
Ang balang simuláng
Kagandahan loob
Sa pagpapalaya
Ay masasabi kong,
Hangin, asó, bulá,
Kaya magiingat
Ang lahing mahina.

VI.

Kung kayóng naghikap
Sa mga lansangay
Siyang nagbibigay
Ng kaligaligán,
Bakit sasabihing
Na sa inyong kamay
ang mithi ng Bayan
Na kapayapaán?

MAKULOT.



—¡Hola, paisano! ¿Que haces por aqui?
 —Te diré; pasaba por aqui y me llamó la atención ese cartel que me ha interesado mucho.
 — Ah si Se trata de la excelente leche FUSSELL'S que venden los Sres SMITH, BELL Y C a
 —¿Lo conoces?
 —Desde que la provamos, no tomamos otra en casa, viejos y niños. Te recomiendo que la pruebes. La marca *Mariposa verde* es la esterilizada y la marca *Mariposa plateada* es la evaporada. Ambas son riquísimas.
 —Gracias, y celebro el encuentro, que me resulta muy útil.



—Los chocolates de "LA BILBAINA" no tienen rival.
 —Productos puros, inmejorables. Fabricación esmerada.
 —Ninguna asma de casa prescindirá de los chocolates de "LA BILBAINA" en cuanto los pruebe, pues son alimento sano, al par que delicioso.

Pedirlos á Pujalte y Ca

229 Muelle del Rey Telefono 366.



LA ESMERALDA

Escolta N.o 9 y 11.

- Magníficas joyas, que envidiaría una reina.....
- Son los regalos de boda que he recibido.
- Encargadas á Paris, sin dula alguna.
- No ciertamente. Todas compradas en la joyeria

LA ESMERALDA Escolta N. 9 y 11.



THE ST. LOUIS


Escolta 40

Este establecimiento es visitado constantemente por las damas mas elegantes de la capital, que encuentran allí la última novedad La Moda tiene su trono en el moderno "THE ST. LOUIS" de B. de Castro.

Escolta N.o 40.



PEDRO de JESUS
 E HIJO
 MARMOLLISTAS Y TALISTAS
 Calle de Crespo Quiapo
 Lapidas, monumentos,
 pilas, estatuas, imagines
 y toda clase de obra de
 talla abonau la falta de
 Pedro de Jesus.



LAVANDERIA
 de B. PINEDA
 Aqui se lava la ropa de
 modo irreproducible.
 Blanca y brillo en la
 ropa blanca, especialmen-
 te las camizas y los cue-
 llos.
 Esmero por la concer-
 tación de las prendas
 precision y baraturas
 Calle S. Pedro N.o 127 y 129. S.L.
 Gros. Telefono N.o 4111




JAMON PIÑA—Nosotros, si, que no tenemos mucha quebradura de cabeza. como otros mortales....

JEREZ SPORTMAN—¿Por qué?

JAMON PIÑA—Porque no tenemos más que una sola preocupacion. la única....

JEREZ SPORTMAN—¿Cuál es?

JAMON PIÑA—La de que el buen Heiser no nos deje entrar en estas Islas donde hoy nos consumen en grande.



IMPRENTA "LA ROSA"
CORREO N.º 45 KIAP, MANILA

Los que desean impresiones á precios baratísimos, sírvanse acudir á dicha imprenta, que hace los trabajos á conciencia

Ang mga halíng

Naroon silang nakapangayungbot sa palibid ng pag-pag ng totalizador, at nagpapaligsahan silasila kung pano ang lalong mabuting paraan upang magkaroon ng lalong malaking *exito* ang mga *combinaciones* sa karerang ikinaubuhay nila.

Sa kanilang tabi ay nangapalibot naman sa piling ng sasabuhing lasak ni ka Ambo, sina Dr. Ampaw Rekubeko, si Dr. Ambo Lukas, at si Dr. Alejo Retemomeniaco, na pawang nakatalsonsilyo lamang, nakasinelas at kamistang nangililimahid.

At sa dako roon, ay nag-iinunang namán ng alak si Dr. Kalongeng ulo, si Dr. Dondoy Poltisien at si Dr. Kotipio Montenegroin.

Masasayang pawa, naghahalakhakan sa kahalingán, at pagkatapos makalura sa isang aywan kung yaon ang sambalilong *forma* BASIN na *moda* ngayon, ay nagsabay sabay sa pagtinding at nagsurat sa mukha't nagmu rahán. ¡Oh, dinaig pa nila ang *embajador* ng sultan sa Persia!

Ikaw, Dondoy, ay isang sinungaling, Sukot mong sabihing si Dr. Ambo ay isang... esteremengoles.

—Lalong sinungaling ka, Alejo. Tinatawag mong Alejo siya, bago'y ikaw nga.

—Di lalong sinungaling ka. Tinatawag mong *nino puput*, gago, kotipio, *barrendero*, sabungero, karreristang pusakal, *venacajo*, tagapitsi (ng mahirap) lumilipát (lumilipad?) *afetado de honor*, *hipócrita*, ahas, lason (mamalason?) Iscariote, Makiyabelo, cinico (camisachino? gino? ¿ni tahir?) desverzonado (¿bakit? ¿dahil sa ayaw magbayad sa sakatero?) *borrachero*, apostol del amor libre (¿bakit? ¿dahil sa mayroon na'y mayroon pang *Tasitang* isinasama sa mga miting?) simpaticong *botón* (¿nino? ¿ni Pantis? ¿lalong pagkit, *impúdico*, tonto, *pretencioso* y *fatuo pende*... (¿sits! ¡cuídao!) at kung ano't ano pa...

—Siya, siya ka na nyan. Ang masasabi ko'y ito. Ako, ikaw, ito, ito, ito at ito ay pawang parisparis, ¡Pawa tayong *nihista* de la infamia! Pawa tayong Ambo at Ampaw!

At biglang nangapatunganga. At nangapipi.

At namuti ang mga mata't nagsiyak.

Paano'y—(kahabaghabag namán)—sa kaingayan nila'y nakawala si Orlando II, at nakawala't lumpad sa malayo ang lasak ni ka Ambo; ¡gayong ito pa namán ang gagawin sanang *Dios espíritu santo* na ilalaga sa taluktok ng pulpitong pagsesermonán ni Fr. Dondoy José Kalog, na *kinontra* ni Dr. Ambo, upang ang lahat nang tahir ay nagsamasama sa pagtatayo ng isang "Liga Tahurista!"

Nahahabag namán ako
¡Que pobres también!

TAGATAWA

HALINA... SA SAMPIREÑO

—XOX—

Si *hor* Manilla,—hindi *hol* pagka't di taga-Ermita ito, kundi uropeong dalisay, at *kamawan* *ocido* pa ng isang pahayagang uroepo rin, nililimbag nga lamang dito sa Pilipinas,—ay nagsabi ng tahás:

—Ako'y walang PATRIA—anya—kundi ito... itóng-ito lamang....

At nang tingnan ko ang kanyang kamáy, ay nakita kong ang hawak-hawak niya'y isang pisong marka taong-nakatayo at águila, isang kaputol na pilak, ayon sa «Pinaglahuan.»

Sa makatwid, ay salapi, salaping-salapi lamang ang pinapanginoon, sinásambá, dinádalanginan at itinuring na bayang tinubuan at lupang sarili, ni *hor* Manilla. *Nor* nga ito, pagka't kung hindi'y nalis na sana siya dito sa bayang di kinamulan: na sa bayan na sana siya ni...

Nguni't huwag kayo't may nakáring kay *hor* Manilla, at pagkaring ay *pinalahiyo* tuloy ang kanyang pananampalatayang yaón:

—Ako naman—anáng isang taga Sampireñong si Biktol Tuyo, kampon ng *ating matandang batikan* sa Sampiro. Ako naman, ang ulit pang may tampál sa dibdib, ay walang bayan at walang *Patria*, kundi an... ang... baraha...

—Ha ha ha ha... ang halakhalakang isinunod ng iláng *mga uslap* na kanyang kapaligsaban.

At ang kampong iyón ng *matandang batikan*, ay *nag umpisá* ng *pagpropaganda* sa ikapagkakaroon ng maraming boto at ikapagtagumpay ngayón at kailan man ng parang kidlat na sugalan sa Sampiro.

Naito ang iláng paraán ng *pagnumuwir* ng makabayang-barahang si Biktol Tuyo.

«HALINA KAYO—anya—sa Sampiro at nároon ang mina: nároon ang katakot-takot na sugal, kaya't nároon din naman ang lumalagaw sa salapi. Halina kayo't nároon ang lahat ng malalaki, ang lahat ng masalaping walang gawa kundi magsabog ng pilak sa pakikisugal.

HUWAG KAYONG MATATAKOT: sapagka't hayag na hayag na rin lamang: sapagka't ang MULIG PAGSLAG at RENACIMIENTO ay naging *organo* na ng mga pasugalang bunyag sa lahat ng lupa ng «matanda» naming walang kinatatakutan... *Huwag kayong matatakot*: sapagka't sina *Taga Risal* at *Risaleño* kung magsipirma, *en contra* sa *monte carlo* ng Sampiro y Pasay *ultimamente*, ay párapara lamang mga *trompeting* di man pansinin ng lahat na tainga.

HUWAG KAYONG MAG-ALAALA: sapagka't kung magsisali sa sugalan sa Sampiro, ay para kayong napa sa kutang bakal na di mayayang ni ng kulog, ni ng kidlat, ni ng lintik na tumupok sa boong Antipolo: sapagka't doo'y walang mata sa pagkawari ko ang mga puno at ang *matandang batikan* naun ay *prilibihiyadong* higit pa sa kabinataan at *kabinibinhang* kung magsipig-tayo ng kapisanan, ay madaalá-mahapay sa *ning'akugon*.

HUWAG KAYONG MANGANGAMBA KAUNTI MAN: sapagka't totoo nang maraming magagalang na *balang* Pasig, ang nasiraan ng *gilas* at *kayas* at walang nagawa sa pagbanga sa mataas na *monte-bundok* sa Sampireño: sapagka't kung makailan nang magpalitan ang mga pinunong lalawigan, pinunong bayan at pinunong nayon, ay matabá't matabá ang parang *nino-robueto* ang sugalan sa Sampiro: sapagka't magpalitan man sila'uli, at maging nasyonalista man ó progresista'uli ang mapababaw, ay magsisiguro ko sa inyóng hindi magbabago ang sugalang-Sampiro, paris ng pananatili sa pagka-Salomon *insuperable* ng juez sa Corte municipal.



—¡¡SORSOGLÉNAS!! ¿Quereis ser elegantes en el vestiry Compravos trajos bordados á Máquina SINGER que costeebaan


'LA PAKENA'
Calle Comercio, 67, Sorsogon, Sorsogon, I. F.



¿Deseais trajes elegantes, cortados á la ultima moda de Paris, Londres y America? Visitad la Sastreteria de Dámaso Reyes, Lavezares n. 96, de donde saldreis satisfechos.



¡Agricultores! no digais que no hay carabaos ni vacunos para labrar vuestros campos. Acudid á los camarines de Tanduy, n.o 120 (Quiapo), en donde encontrareis muchisimos carabaos y vacunos, muy sanos, muy buenos, muy grandes y muy baratos.



El ramo de Imprenta, con sus complejas artes liberales é industrias, ha alcanzado en la época presente tan gran desarrollo, que sería imposible enumerar los trabajos que comprende y realiza y que satisfacen las necesidades de la vida moderna.

Los artículos y trabajos que salen de la IMPRENTA DE LORENZO CRIBE, Crespo 101, no pueden enumerarse, pues abarcan varios ramos de la industria. Imprenta, encuademación, tintres y grabados en metal y cauchú, pintura en cristal, estucheria, cajetería, etc., etc.

Lorenzo Cribé, Crespo 101 — Quiapo.



Chico á donde vas?

A Antipolo

¿Pero qué lio llevas debajo del brazo?

Es una caja de bizcochos "LA PERLA" lo llevo como único avio de a, pues estos bizcochos tomados en el viaje hacen este corto y menpenoso y son tan exquisitos y nutritivos que por ellos pasaré las comidas fuertes del dia. Mira si me economizaré mucho en Antipolo Ahora ya me explico por que todos los forasteros de Antipolo llevan imprescindibles bizcochos de LA PERLA.



Adios, Peping. —Hola, Berto. De donde vienes?—chico, he recorrido todas las grandes librerias en busca de algunas obras pue vi en tu valiosa biblioteca, y no las encuentro.—¿Que habias de encontrar en las grandes librerias, si todas las obras que tengo las compro de la pequeña libreria MANILA FILATELICA, situada en la Calle Soler, N.o 453, Sta. Cruz.—¿Pero es posible que siendo tan pequeña dicha libreria pueda traer obras tan útiles é interesantes y las lujosas y grandes librerias, No?—Esa es la razon, porque MANILA FILATELICA se ha hecho muy popular y la más favorecida por nuestros intelectuales. Yo me he propuesto á no comprar nada mas que en dicha libreria y te aconsejo hazlo propio, por varios motivos, que otro dia te diré. Conque no te olvide de mi encargo y adios.—adios, Berto, y gracias —



—Toma, monin, chupate esa rosa

—¡Una rosa! Eso es un tabaco!

—Sí, pero es de la fábrica *La Rosa*. Se lo he birlado á Tatay para tí, porque dice que es de lo mejor.

—En efecto; es excelente. Spongo que cuando nos casemos...



—A estos chicos destructores hay que cazarlos así.

—Cierro, una red es mejor que una ley.

—Pues usemos redes y leyes, antes de que nos coman toda la cosecha.

—Ang mga hayop na ito ay dapat ubusin.

—Siya nga, pagkat' malakas umabon ng paranim. Kapu-
riban rabin sa mata ng Diyos ang magbigat sa mga wa-
lang.... hiwang iol!



SOMBRERERIA
DE
RAMON YAN
60 Saenzista, Binondo Manila


A proposito: necesito un sombrero y me parece que estos son bonitos y elegantes.

Ya lo creo, como que son los mejores que hay en plaza, no sólo por el esmero del trabajo y calidad del material sino por la baratura del precio.



Desde su fundación, la *Orquesta Rizal* ha sido indispensable en toda fiesta social ó política.

Al compás de sus vibrantes y armónicas notas, han bailado el ilustre gobernador Taft, la gentil Mrs. Longworth, née Roosevelt, tal cual senador ó representante y una infinidad de distinguidos frateros. Todos aseguran que la *Orquesta Rizal* puede compararse á las mejores del mundo.



Asma, complicada con reuma articular y siferolitís del hipocondrio; fiebre, 40 grados; debilidad general. Eso no es nada, amigo.

¡Nada, y tengo dispepsitólitis, y reuma, y asma? Ya lo decia mi Señora madre política: ¡Prepárate, hijo mío, para una buena muerte.

—Todo esto desaparece fumando cigarillos *Germinal*. Comillas 4.



El que quiera comprar ó vender ventajosamente alhajas ó papeletas de empeños debe acudir á

J. MOLINA, Clavel n.º 145.—Binondo.

Las condiciones que ofrezco á mis clientes, no pueden ser más ventajosas y seguras. Lo atestigua mi sólida reputación.



—Para mí, no hay calzado como el que vende *El Adelanto del Siglo*, de Lázaro Villamaría, Crespo 109 111, (Quiapo). Desde que me surto aquí, no sé lo que son callos. Además, no tiene olor la suela Meycawayan.

—Pues yo tengo las extremidades como las del oso del Botánico. Desde hoy, no usaré otros zapatos que los que hace Villamaría.

—¡Lázaro Villamaría! Patrono contra los callos y dureras pedestres.



Por cuestión de amores, Chichay y Choleng, se destrozan en descomunal batalla. De un puñetazo, Choleng le hace saltar á su rival, un colmillo, dos muelas y cuatro dientes.

Chichay, ciega de furor, se lanza con furia sobre Choleng para dejarla á su vez sin molares ni incisivos. Pero todo en vano. Choleng tiene dentadura postiza, hecha por el popular Bonifacio Arévalo, decano de los dentistas. Elizondo 88 (Quiapo).



FALACIA MONASTICA

—Soy rico y generoso. Pideme lo que quieras, pero no me cierras tus puertas.
 —Mira el libro de la Historia. No olvides a las victimas de la cognita.
 —Si, si, pueblo mio. Yaya al diablo el malitio fraile...

—Akdy mayaman at magandang loob, kaya mmyag ka nang magkasundo tayo.
 —Hoy, ikaw, ikaw..... kundi sama kita nakikilahi!.....

Halina kayo, halina sa magandang bayang masugalan at masalapi. Sa mga sugalang ganganito, ay walang hirap na mararamdaman. Ang masasamantalá rito'y pawang ligaya, pawang aliw, katuwaan, kabusugán at kaluwalhatian walang hangga ng mga lalaki't babang *bisiyoso*, matanda't bata, may-asawa't wala, lalong-lalo na ng mga... pinagpalang *nangagtotroleee...*

—Siirit!—ang sutsot ng ilan, at ako'y nápalayas na.

MANGLILIPÁ.



Hapýaw sa karamihan

(:)

Kung nangángailangan kayó ng isáng makatulong-huhog na *orador* ay *tengo el honor de presentar á usted*es á Montencio.

Sa *palabra* at sa *figura*, siya'y *de primera*.

Sa manálog at sa mangastila ay *superior* ang *oratoria*.

Sa lahat ng kanyáng *speak* na aking nágustuhan, ay *bale-bale* na ang nárinig ko sa isáng teatro.

Doón, sa pagkákita ko, ay *nátodo ang kanyáng peseta* Ang *habilidad* niya kung mag *discurso*, ay *ni más ni menos* sa *bertud* ng asukal at sikulate, kung nagluluto tayo ng *sampurado*.

Ang *sabiduria* niya ay singlaki ó singdami ng *Enciclopedia Filipina* ni Don Felipe Calderón de la Concha.

Ang mga kumpás niya at *mímica*, ay *no tiene nada que envidiar* sa lalong matatapang na *embajada* ng *morisma* sa *cristianismo*.

Sapagka *filósofo*, *matemático*, *militar*, *político*, *biblico* at *sicalíptico*. ay wala nang makatátalo kung di si *San José Hospicio*...

Kung nangángailangan ^{*} kayó ng isáng *profesor* ng latin, ay *tengo el gusto de recomendar* si Fray Rábano.

Sa lákihan ng tiyán, talo ang mga abogado at obispo.

Sa túnugan ng boses, hitsura ng kampaná sa S. Pedro.

Sa laswaan, *verde* pa sa dahong paláy.

—Alín sa lahat ng ^{*} náalaman mong nilaláng ng Diyos ang nápakatapang ang sikmura?

-- Ang mga pinunong-lalawigan at pinunong-bayan na nagsisikain ng suhol ng mga sugalan.

—May máituturo ka bang halimbawa?

—Malapit sa Maynila.

Mga kandidatong ^{*} náabalita nang magkakáagawán sa pag-aalka'de sa Maynila: si Gómez, si Aguado, si Turyano, si Del Pan, si Roxas, si Argüelles (Tomás) si Velasco, si Silvestre Bautista, si Balmori (pa) at saka isang *aso't pusa* sa kapit-bahay ko.

Abá malilimutan ko palá! Tila ang director ng «Democracia» G. Hugo Salazar, ay siyang iháharap namáng kandidato ng mga prayle.

At ang director ng *Comercio*, don José Loyzaga, ay kákandidatuhin ng mga insik.

At ang mga kastila ay magpípilian na lamang kay Gómez at kay Aguado.

Ang mga americano negro ay tila siyang lalakad ng kandidatura ni Turyano.

Ang «opinión pública» (jay *opinión!*) ang kay Del Pan.

Kay Roxas, Argüelles at Velasco ang mga federal.

Kay Bautista ang mga palaká sa mga dámuhan sa Gagalangin.

At kay Balmori ay tila bóbotong lahat ang mga manghuhuli ng aso at mga kubetero.

ALISTO MATANG-BAKA.



Busal at butil

(:)

Na sa laot na namán tayo, kung bagá sa magdara-gat, ng mga pagpupulong uli ng mga kinatawáng bayan. Na sa laot tayo at nakíkilala ngayón ang mabubu-

ting magsilangoy. Isa sa mga bagay na mahahalagáng napag-usapan ngayón ay ang bill Adriatico.

Kay buting pagkakataon ng halalan na namang itinatakda rito, sa mga matatakaw sa tungkol, sa mga ibig makátikim ng sabaw na mainit at pangpalakas sa mga buto

Huhulaan ko na ang mangyayari:

Pagtabas ng Comisión sa utos ni Adriatico, at pagtabas na magpapangit sa kautusáng iyan.

Pagkikilusan na naman ng mga *leader* at *muñidor* upang manalo ang kaníkanilang manók.

Pagsisiraang puri sa mga miting, pagdura sa langit, pag-sasabog ng sariling kabutihán at *pagpapataasan ng agua*.

Paghibiyawan ng *viva*, pálakpakan, bangayán, patudsadahan.

Paglabás ng mga *patriotang tansò*, ng mga *mabubuting andk ng bayan*, at ng *may malilinis na kabuhayan*.

Pangangako ng langit at lupa, makuha lamang ang boto ng elector.

Pagtalikod pagkatapos sa lahat nang ipinangako ng sino mang mapahalal, kung mátikmang masarap pala ang magkaroon ng kapangyarihang hawak.

At lahat nang ito'y mangyayari salamat sa kapulu-ngang bayan, at kundi magtatawál ang Comisión.

Nilalakad daw ngayón nina Tolentino at kasamahan ang pagkakaisa ng mga manggagawa.

Obra de caridad din naman itó!

Sapagka't walang di nakababatid na mula nang manghimasok ang mga *tukò* at makialam ang mga *pating* sa suliraning manggagawa, ay nagulo na nang nagulo ang kanilang lakad, hangang sa ngayo'y kinakailangan na ang paggamit ng sulò upáng makita ang linaw ng kagusutang iyan.

Salamat kung totoóng mapapagkakasundo ang mga manggagawa. Aywán lamang kung iyan ay *segunda parte* ng *fusión* ng mga *nasyonalista*.

Nguni't tingnán din natin sa hulí... kun ano ang sasapitin, baktí isa pa namán si Balmori sa mga namamagitan, at kung nasaan si Balmoring nakasuít ng kanyáng *faja*, gaya sa Pangasinan, *ya se sabe*: naroon ang *harik* sa Pilipinas...

Nagkiyaw kiyaw na naman ngayón ang mga *mirikano*. Dahil sa balak na kautusáng nagbabawas ng sahod na naglalakihan ng mga kawani; ay nagugulo ngayón ang kanilang mga páhayagan, at anila'y bago bawasan ang mga gugol na itó, ay bawasan muna ang nagugol sa pagpapaaral.

Mainam na katwiran itó.

Pag sa tainga mo nga namán nápipitik ang isáng tao, mabait man, ay lumalaban tuloy.

Sapagka't ano nga nama't pakakanin ng *tuyo* ang mga, kaya narito sa Pilipinas ay upang makinabang? Itanóng niniyó kay Mc-Coy kundi itóng talagá ang katotohanan.

Matulíng matulin ngayón kung *makaaproba* ang Asamblea natin ng mga nápapabiting bill.

Kaunting salitaan lamang at *aprobado* na. Magsalita kung hindi si Paterno na siyang ginalíng sa loob ng linggong itó.

Ano pa't parang nakikipag-pareha ang Asamblea natin, sa automovil ni Forbes, kung tumatakbo sa patag na lansangan sa Bagyo at diwa sa pagmamadaling ito'y hindi tuloy mailabás ang dila ng dating di maunahan sa pag-*pido la palabrang* si Orense na ngayo'y hindi na nag-*hiimik*. Marahil hinihintay niya ang bill Rovira tungkol sa mga fraile... at saka ilalabás ang katás.

May bago tayong comisionado at hindi comisionado *simple* lamang kundi *con cartera*.

Ngayón natin mákikita kung sino ang may mahig-pit na kapit, at kun sino ang talagáng minamahal ng mga amaamahan natin.

Pagkakataon ay lalong magmumukháng, Cristong na sa ikapitong wika, ang isáng Comisionado riyang mukhang Crist'o na nga, kundi siyang máhulugan ng *cartera*.

¡Oh ang *cartera!*...

KULAS KULASISI.

PEDRO G. ZOBOLY Y CA
AGENTES DE NEGOCIOS
Y CORREDORES DE FINCAS
QUITAN 97.

El solo nombre de esta Agencia de negocios es una garantía.
 Las importantes operaciones que viene realizando, testifica el crédito que ha alcanzado.
PEDRO G. ZOBOLY Y CA
 Quitan No 97
 Santa Cruz.



— Buena tinta! La mejor que conozco.
 — Es de la FABRICA DE TINTAS INVALTE, premiada en la Exposición de St. Louis. Es superior á las de marca extranjera, y se vende barato en
 Quitan No 97
 Santa Cruz.



— Es una sorpresa que te preparaba. Un regalito.
 — Un regalo regio; porque este sombrero ya lo quisieran el Principe de Gales y Carnegie.
 — Para comprar cosas buenas, tu mujercita.
 — Y dónde lo has comprado?
 — En la Sombrerería "LA BULAKEÑA"

No 187, calle del Rosario—Manila.

RIU HERMANO
ESCOLTA



RIU HERMANO

ESCOLTA 151 153

Para un buen equipo de viaje, este establecimiento.
 Baules y maletas, de todos tamaños—Porta mantas; Carteras; Bolsas de mano; toda clase de artículos de cuero; Monturas; Guanicionos.

RIU HERMANO


ESCOLTA 151 153



— ¡Qué ricos y abundantes platos sirve este Restaurant Manila.
 — ¡Qué bien condimentados!
 — ¡Qué sorbetes, Señores; jamás los he probado igual!
 — No les extrañe nada de esto, por que la Dama de este Restaurant es Universal.
 Plaza Santa Cruz.



MRS. FARIÑAS DENTISTA
 ESCOLTA No 90 Altos 1 y 2
 Nadie como Mrs. Fariñas para extraer dientes sin dolor, aún en los casos más difíciles.
 Conpíte con los mejores dentistas del Archipiélago. Su fama es universal.



ARMERIA Y CERRAJERIA

MARTIN G. LONTOC

Crespo No 114—Quiapo. Telefono 4353

Reparacion de toda clase de armas de fuego por complicadas que sean; se hacen cajas de todos sistemas, coquinas de hierro reparaciones de fonógrafos, cajas de caudales, maquinas de escribir y de coser, quinqués mecánicos. Especialidad en empavonaciones.



Sus gracias pródiga ofrece la diosa gentil y amada á esta casa que á su amparo la prosperidad alcanza.

Los exquisitos bizcochos que "LA FORTUNA" despacha los derrama esta deidad del cuerno de la abundancia.

Calle de Dolores, Santa Cruz.

